



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Protektahan ang iyong sarili - mga senior o matatanda

Kaligtasan ng matatanda

Ang maging ligtas sa krimen at karahasan ay batayang karapatan ng bawat isa sa ating komunidad. Habang tayo ay tumatanda, ang ilang mga salik ay maaaring makaapekto sa ating pagtitiwala sa sarili at kalidad ng buhay.

Higit pang mag-ingat at maging handa kung may panganib na natukoy. Ito ay makakatulong upang mapabuti ang iyong pakiramdam na ikaw ay ligtas kapag nasa pampublikong mga lugar at nasa tahanan.

Narito ang ilang simpleng tip na magagamit nating lahat upang maprotektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya at mga kaibigan laban sa mga epekto ng krimen.

Protektahan ang iyong sarili kapag nasa labas at abala

- **LAGING** maging alerto kapag naglalakbay gamit ang pampublikong sasakyan. Hanapin ang punuang mga karuwahe, kompartamento ng mga guwardiya (minarkahan ng asul na ilaw) o umupo sa harapan ng bus.
- **LAGING** subukang maglakbay na kasama ang grupo ng mga kaibigan hanggat maaari.
- **HUWAG** magdala ng malaking halaga ng pera sa pampublikong lugar.
- **LAGING** magdala ng pagkakakilanlan at ipaalam sa iba kung saan ka pupunta at kung anong oras ka inaasahang umuwi.

(Tanungin ang iyong lokal na Opisyal sa Pagpigil ng Krimen tungkol sa programang Malapit na Kamag-anak (Next of Kin))

Protektahan ang iyong sarili sa tahanan

- **HUWAG** magpapasok sa inyong tahanan ng sinumang hindi mo kilala at pinagtitiwalaan.
- **LAGING** gawing ligtas ang mga pinto at bintana ng inyong tahanan.
- **HUWAG** iwanan ang mahahalagang bagay, mga aparatong mobile o mga susi (sa bahay o sasakyan) na kitang-kita ng iba.
- **LAGING** isumbong sa pulis ang kahinahinalang ugali ng sinuman sa kalapit-bahay mo.

Polyeto ng Ligtas na Tahanan: http://www.police.nsw.gov.au/_data/assets/pdf_file/0011/357059/292859_0615_G015395_NSW_Police_Brochure_-_Home.pdf

Impormasyon sa Bantay Kalapit-bahay (Neighbourhood Watch)

http://www.police.nsw.gov.au/community_issues/crime_prevention/neighbourhood_watch_nsw

Protektahan ang iyong sarili laban sa panlilinlang

- **MAGING MAINGAT** kapag nagbabahagi ng personal o pinansyal na impormasyon gaya ng mga detalye ng lisensya sa pagmamaneho o petsa ng kapanganakan at iba pa, sa telepono o online man.
- **LAGING** basahin nang maingat ang anumang kontrata o gawaing-papeles ng serbisyo bago bayaran ang anumang trabaho.
- **HUWAG** magbigay kanino man ng malayuang akses (remote access) sa iyong mga aparato sa online.
- **HUWAG** magbukas ng mga email mula sa mga nagpadalang hindi mo kilala o pinagkakatiwalaan.

Kung ikaw mismo o may kilalang isang biktima ng pang-aabuso, pakitawagan ang Helpline ng Pang-aabuso sa Matatanda at Resource Unit sa 1800 628 221 o bisitahin ang:

<http://www.elderabusehelpline.com.au/>

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil sa krimen, bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au



Justice



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.